On July 4, 1946, the Philippines was restored to its independence—but with many of its people dead, its capital city in ruins and its fields and industries devastated. Freedom seemed only to worsen economic failure, agrarian rebellion and corruption in office.

Even martial law—proclaimed in 1972—failed to allay the endemic political crisis. The assassination of Benigno Aquino set off the peaceful EDSA revolution of February 1986, which inspired captive peoples the world over to stand up to their liberties. Over 1992-98, President Fidel V. Ramos carried out a reform program that enabled Filipinos to celebrate the Centennial of their Republic with a renewed sense of hope in their country's future.



Vice President Elpidio Quirino succeeded President Manuel Roxas upon his death. Here Quirino addresses an assembly with President Roxas, Mrs Trinidad Roxas and the widow of the Commonwealth President, Mrs Aurora Quezon.



Ramon Magsaysay, who would succeed President Elpidio Quirino, is shown with Senators Lorenzo Tañada, Claro M. Recto and Jose P. Laurel.



Ruling by decree, President Ferdinand Marcos sought to broaden the country's foreign relations. Here he meets with Deng Xiaoping, during a visit to China to open diplomatic ties between the two countries.



The last session before both houses of the Congress were suspended at the declaration of martial law on September 21, 1972. Shown in picture are Senators Benigno Aquino, Gerardo Roxas, Eva Estrada Kalaw, Ramon V. Mitra and Emmanuel Pelaez.



Young Filipinos learn their lessons in democracy at street rallies. Here two children take to the street, protest placard in hand and carrying lighted candles symbolic of freedom.

On January 10, 1970, student activists stormed the Palace gates.



Protests and demonstrations such as this were common in Manila before martial law was proclaimed in 1972.



The assassination of opposition leader Benigno Aquino, Jr. in August 1983 worsened public anger that eventually toppled the Marcos government.





Defense Minister Enrile, General Ramos and Lt. Col. Gringo Honasan on February 24, 1986, thank their supporters.



Cory Aquino received wide public support for her presidential bid against strongman Ferdinand Marcos.



Cory Aquino's presidency set off popular grievances long pent-up; farmers' protest such as this led to the massacre at Mendiola.



Protesting peasants shot by presidential guards at Mendiola Bridge before Malacañang Palace.

Ang Kaayusang Daigdig: Siglo-18

Sa ika-18 siglo naputulan ang lubos na kapangyarihan ng naghaharing monarkiya. Sa Pransya, ang mabilis na paglago ng kalakalan ang nagbalik sa kapangyarihan ng aristokrasya na nangingibabaw sa ugaling malahari dahil sa mga tradisional na pribilehiyo at kontrol sa kapangyarihang panlipunan. Sa panahon ding ito, lumitaw ang makapangyarihang uring negosyante. Dahilan sa mga ganitong pagbabago naiba ang timbangang ng kapangyarihang panlipunan, at sumiklab ang Rebolusyon Pranses. Ang pagbagsak ng ekonomiya noong 1786 ay nauwi sa mga reformatoryang nagbawas sa kapangyarihan ng maharlika, Simbahang at monarkiya. Isang mapuwersang “Ikatlong Estado” ang nanindigan para sa mga kalayaang sibil, gobyernong konstitusyonal at pagsuko sa mga pribilehiyong minana. Ang Ikatlong Estado, kasama ng mga humiwalay na delegadong mula sa ibang grupo, ay bumuo ng isang Pembansang Asamblea matapos hindi pansin ang kaniyang mga kahinginan. Tumangging magbuwag ang Asamblea sa kabila ng mga pagbibigay ng haring Luis XVI. Noong Hulyo 14, 1789, winasak ng mga reformatoryo ang bartolinang Bastille sa Paris. Ang Rebolusyon Pranses (1787-92) ang nagbiyaya ng “Pahayag ng mga Karapatan ng Tao”—na kasama ang kalayaan ng konsiyensiya, kalayaan ng pamamahayag, at kalayaan sa walang dahilang pang-ahesto, at kapantayan sa harap ng batas.

Ang pag-upo sa trono ng kapatid ni Napoleon Bonaparte, si Jose, bilang Hari ng Espanya, matapos ang sapilitang pagbibitiw sa trono ni Carlos IV at Fernando VII, ay gumising sa nasionalismong Kastila. Ang madugong pag-aalsang Dos de Mayo ang nagsimula ng paghihimsik laban sa mga sandatahang Pranses.

Dahil walang Kastilang hari, ang batasang Cortes ang naging sentro ng pambansang kapangyarihan at ng batasan. Ang Asamblea ang sumulat ng Konstitusyon ng Cadiz ng 1812, na nagturing na ang “bansang Kastila” ay lahat ng Kastila—ibig sabihin, lahat ng malalayang tao, isinilang at naminirahan sa peninsula at sa lahat ng mga kolonya ng Espanya sa kabilang dagat. Nagmula sa siglong ito ang kaisipang nagbigay ng malaking pagbabago sa Europa: Ang pananaw ng bansang binubuo ng mga taong may iisang pinagmulang kultural at linguistik. Ang mga digmaan ay nagdulot ng sentido ng tinubuang bayan; at ang doo'y kumita ng liwanag ay kung sino ang may likas na karapatan sa mga likas na yaman ng sariling bayan sa ibabaw ng dayuhan. Ang panukala ng bansang tinubuan ay lumaganap sa mga kolonyang Kastila sa dalawang Amerika, at pagkaraan sa kolonyang Kastila sa Asya—ang Pilipinas.

Sa simula ng ika-19 siglo, ang karamihan sa pamamahalang Kastila sa Timog Amerika ay nagsimulang mawasak. Mula sa di-kilalang bayan ng Dolores, Mehiko, isang paring Creole, si Miguel Hidalgo, ang naghimsik at namuno ng armadong labanan; humining alisin ang mga buwis na ipinataw sa mga katutubo—Indians—at isauli ang mga lupaing inagaw buhat sa kanila. Bukod dito, ang alitan sa pagkalahi ng mga peninsular, creole at mestizo—at ang kanilang mga tunggaliang pangkabuhayan at pulitikal—ay nagsindig sa sunod-sunod na mga panghihimsik sa Hilaga at Timog Amerika, tulad din ng nangyari, pagkaraan, sa Pilipinas.

Panahon na. Mabuhay ang Kalayaan! Ang Pagdatal ng Liwanag

Sa loob ng 326 na taong pamamahalang Kastila sa kapuluan ng Pilipinas, ang mga katutubo—indio sa mata ng mga Kastila—kailanman ay hindi ganap na sumuko sa mga dayuhan. Sa loob ng mga siglo, nagkaroon pana-panahon ng pag-aalsas. Ang sapilitang pagpapalipat sa ibang lugar, ang paniningil ng mga buwis o tributo at pagtatakdahan ng mga produkto at ang monopoliyang pang-kabuhayan ng mga Kastila sa kalakalan at agrikultura ang nagdulot ng pinakamalalim na sama ng loob at madalas nauuwi sa paghihimsik. Ang Pag-aalsang Basi noong 1807 sa mga bayan ng Ilocos ay isang halimbawa.

Ang paghihimsik doo't dito at pana-panahon sa kapuluan ay masuliranin nguni't hindi mapagbanta at nakababagabag tulad ng bagong kaisipang lumalaganap—ang sariling pag-papasya ng indio—na sa wakas ay nagbukang-liwayway sa sambayanan bilanggo. Ang gayong bagong kaisipan ay nagsimula sa mga paring lahing Kastila ngunit tubong Pilipinas, na noong mga taong 1850 ay humingi ng kanilang karapatang humawak at mamahala ng mga parokya, karapatang ibinibigay lamang sa mga paring Kastila.

Si Padre Pelaez, isang Kastilang isimilang sa Pilipinas, dekano ng Sangay ng Katedral, ang nanguna sa kampanyang sekularismo. Pagkamatay ni Padre Pelaez, si Padre Jose Burgos—ama, Kastila; ina tubong Pilipinas—ang nagpatuloy ng mga adhikain ni Padre Pelaez. Sa kaniyang pahayag binansagan niyang “Pilipino” ang lahat ng dito ay ipinanganak, at kapantay sa batas ng lahat ng sa Europa'y isinilang.

Ginarote si Padre Burgos. Ngunit hindi nalibing ang kaisipang pinagkakakilanlang Pilipino—o kaakuhang Pilipino—na ibang-iba sa pinagkakakilanlang Europeo. Ito ang naging lalong mapag-alab na sanhi kaysa anumang tiyak na hinanakit o lokal na pambubusabos. At magtatapos ito sa mga indio na ipinaglalaban ang sarili bilang hiwalay at ibang-ibang sambayanan—mga Pilipinong naninindigan para sa kanilang karapatan sa kalayaan.

Ang paglagay sa matataas na puwesto ng mga bagong dating na mga Kastila ang naging dahilan ng himagsikan sa arsenal ng Cavite, pinamunuan ni Novales, isang Mehikanong Creole. Ang protesta ng hukbong kolonyal ay nakaparis ng mga hinaing ng mga kleriko. Walang batayan ang pagkakasangkot ng mga awtoridad kina Padre Burgos, Padre Mariano Gomez at Padre Mariano Zamora. Sila'y ipinagarote noong 1872. Ang ibang pinagbintangan ay kinulong o ipinatapon sa Guam. Ang walang pakundangang pang-aaresto at pagpapatapon sa mga pari, negosyante at abugado na inaakalang may simpatiya sa repermang hinihingi ay lumikha ng pagkatakot sa sambayanan.

Ang kamatayan ng mga paring martir, waring mga binhing dinidilig ng dugo, ay nagsilang ng mga halamang nag-ugat ng malalim sa kamalayan ng sambayanan. Hindi nagluwat, ang iba pang mga patriota ay nagpatuloy ng pakikibaka para sa kapantay na mga karapatan at pagkaraan, para sa kasarinlan at pagkabansa. Ang “Gomburza” ay salitang susi sa lihim na Katipunan.

Kalayaan o Kasarinlan

Hindi tinalikdan ng mga maykayang estudyante sa labas ng Pilipinas ang kanilang bayang tinubuan at ang paghihirap ng kanilang mga kababayan. Pinag-isla nila Jose Rizal, Juan at Antonio Luna, Gregorio Sancianco, Graciano Lopez Jaena, Pedro Pareno ang kanilang mga tinig sa pananawagan para sa reforma sa Inang Bayan. Umasa sila sa pagpapatupad ng Konstitusyon ng Cadiz, na tumiyak ng pagkapantay-pantay sa mga Kastilang sakop—sa peninsula o sa kabilang dagat man. Sa Madrid at Barcelona, ang mga Propagandista ay nakipagkaibigan sa mga liberal sa gobyerno at nag-lobi para sa reforma sa Pilipinas.

Upang matustusan ang pakikibaka ng mga Propagandista para sa pagka-pantay-pantay at asimilasyon, isang pahayagan ang itinatag sa Espanya sa tulong ng mga Pilipino sa peninsula at ng Komite ng Propaganda sa Maynila. Tuwing ikalawang linggo ang labas ng La Solidaridad na inilathala noong 1889. Ang unang patnugot nito ay si Graciano Lopez Jaena. Sumunod na pumalit si Marcelo H. del Pilar at si Mariano Ponce bilang katulong.

Unti-unti, ang pamumuno sa komunidad ng Pilipino-propagandista sa Kanlurang Europa ay nahati kina Rizal at del Pilar. May magkaibang pananaw ang dalawa. Paanong haharapin ang kapangyarihang kolonyal? Si del Pilar, isang masidhing anti-klerigo—ay nagsimulang magbandila ng pakikipaghiwalay. Si Rizal, likas na mahinahon at lalong mapanggarapin ay naniwalang sa edukasyon lamang magkakaroon ng kakayahang ang mga Pilipino upang makapamahala sa sarili. Sa wakas, nagpasya si Rizal na magbalikbayan at doon ipagpatuloy ang pagsisikap para sa reforma sa loob ng balangkas ng pangasiwaan kolonyal.

Hindi nagluwat, pagkabalik sa Pilipinas, itinatag ni Rizal ang La Liga Filipina na may layuning pag-isahin ang kapuluan, palaguin ang agrikultura at negosyo; magdulot ng pagdadaman laban sa inustisa at karahasan; at tulungan ang sinumang kasaping hikahos at nangangailangan. Ngunit iilang araw pa lamang mulang itinatag ang Liga, si Rizal ay ipinatapon sa Dapitan. Babalik nga siya sa Maynila ngunit upang harapin lamang ang kanyang kamatayan—noong ika-30 ng Disyembre 1896, noong siya'y mahatulang ipabaril dahil kasangkot diumano sa himagsikang sumiklab.

Ang pagkabigo ng kilusang reforma ang nag-udyok kay Andres Bonifacio na sa parang rebolusyon lamang maipagtatagumpay ang kalayaan sa panunupil at pambubusabos. Sa araw ding iyon ng pagpapahayag ng pagkakatapon kay Rizal, si Bonifacio at ilang kaibigan ay bumuo sa Tundo, Maynila, ng isang lihim na lipunang tinawag na Kataas-taasang Kagalang-galang na Katipunan ng mga Anak ng Bayan, o KKK. Kung sa kasapihan ng La Liga Filipina

ang karamihan ay mula sa mga nakaririwasa, ang mga isinapi ng KKK ay mga manggagawa sa Kamaynilaan. Ang hayag nitong layunin ay hindi pagsanib kundi kasarinlan. At tulad ng La Liga Filipina, naghandog ito sa mga mahihirap at sa binusabos ng pagsanggalang at pagtatangol laban sa pagka-tirano ng rehimene.

Mula sa sinilangan sa Tundo, ang Katipunan ay kumalat sa mga munisipyo sa labas ng Intramuros (sa ngayon ay tinatawag na Greater Manila o Metro Manila area), at mula doon sa mga lalawigang Tagalog, sa Panay sa Kabisayaan at doon pa sa malayong Mindanao. Sa bisperas ng Rebolusyon, ipinagbigay-alam ni Pio Valenzuela sa mga awtoridad na Kastila na ang mga Katipunan marahil ay may lakas na 20,000. Tinaya ni Trinidad Pardo de Tavera na 40,000 ang lakas ng Katipunan.

Ang pahayagang Kalayaan ng Katipunan ay may mahalagang papel na ginampanan sa pagpapalawak ng lipunan. Ang unang bilang nito, na lumabas sa simula ng 1898, ay luminlang sa mga Kastilang awtoridad, dahil kunwa'y pinamatnugutan ni Marcelo H. del Pilar sa Tokyo. May pangulong tudling itong isinulat ni Emilio Jacinto na nanawagan sa sambayanan para sa "pagkakaisa at kasarinlan" gayundin ang kanyang manitestong nagbabandilang rebolusyon, isang tula ni Bonifacio at isang artikulo ni Pio Valenzuela na naglalantad ng pagmamalabis ng mga prayle at mga gwardya sibil.

Habang ang lihim na lipunan ay nagpaparami ng mga kasapi, ang kanilang mga gawain ay pinaghinalaan ng mga klerigong Kastila. Noong 1894-96, ang prayleng-kura sa Maynila at mga karatig-bayan ay madalas magbalita sa gobernador-heneral ng mga usap-usapan tungkol sa mga gawaing subersibo, na kanilang ibinintang sa mga lohiyang Mason at sa mga pagtitipun-tipon ng mga personas zospetchosas na pinilit magbunyag ng bantang ito sa kapangyarihang Kastila. Ang mga pag-uulat na ito ay pinagwalang-bahala ni Gobernador-Heneral Ramon Blanco, mismong isang Mason.

Naghanda ang mga Katipunero ng rebolusyon laban sa Espanya. Sa kasamaang-palad, natuklasan ng wala pa sa panahon ang Katipunan dahil sa kataksilan ni Teodoro Patiño noong 19 ng Agosto, 1896. Ang pagkakatuklas ng lipunan ay bumigla sa Katipunan. Noong 24 ng Agosto, 1896, naganap ang tinaguriang "Sigaw sa Balintawak," ang pangyayaring nagpasimula ng rebolusyon laban sa Espanya. Sa araw ding iyon ang mga pinuno ng Katipunan ay naghanda ng planong pagsalakay, na naunahan naman ni Gobernador-Heneral Blanco na agad nagpatupad ng matagumpay na pagtangol sa Intramuros at sa kapaligaran nito at sa mga karatig-bayan.

Pinag-ibang Landas: Ang Kamatayan ni Bonifacio

Pagsiklab ng rebolusyon, ang mga Katipunero ng Maynila at mga karatig-bayan ay naging bungso ng gyerang gerilya—pasulpot-sulpot ang pagsalakay at nangawawala’t sukat pagkaraan ng biglaang pagsagupa sa mga Kastila. Ang kanilang mga karebelde sa Cavite, pagkaraang agawin ang gobyerno sa mga munisipyo roon, ay naghukay ng mga trintsera at naghintay ng pagsalakay ng mga Kastila. Samantala, ang rebolusyonaryong organisasyon ay nasangkot sa hidwaan sa pamumuno at tungkol sa pagtatatag ng bagong gobyernong ipapalit sa Katipunan. Sinubok ang lideratong rebolusyonaryo ni Bonifacio, inihalal ng Kumbensiyon ng Tejeros ang pinuno ng grupong Magdalo, si Emilio Aguinaldo na Pangulo.

Nagbintang ng mga anomalya sa halalan ang grupong Magdiwang at lumagda ng Acta de Tejeros na nagpapawalang-saysay sa Kumbensiyon ng Tejeros sa Naic. Si Bonifacio at ang kaniyang mga kaanib ay lumagda rin ng isang Kasunduang Militar na nagpasiyang magtagtag ng gobyernong nagsasarili at hiwalay sa itinatag sa Tejeros.

Noong si Bonifacio at ang kaniyang mga bantay ay nagsisialis na sa Indang, sila ay pinahuli ng grupong Magdalo. Si Andres Bonifacio ay nabaril at ang isang kapatid niya ay napaslang. Ang mga nabihag ay ibinalik sa Maragondon at doon sa isang paglilitis militar ay nahatulan ng kamatayan. Ngunit ang sentensiya ipinataw ay binawi ni Aguinaldo. Subalit hindi pa sila nakakalayo sa Maragondon, inabutan sila ng pahabol na utes ni Hen. Mariano Noriel na nagpapatupad ng hataw ng kamatayan. Ang magkapatid na Andres at Procopio ay ipinabaril sa paanan ng Bundok Magpatong. Sa kamatayan ni Bonifacio, si Aguinaldo ang natirang nag-iisang lider ng Rebolusyon.

Ang Paglikas at Pagbabalik ni Aguinaldo

Nabawi ng mga Kastila ang Cavite buhat sa kamay ng mga rebeldeng pinamumunuan ni Aguinaldo. Ang mga puwersang Pilipino ay napadpad sa kanilang pag-iwas sa mga tumutugis na kaaway, sa Batangas, sa mga bulubunduking rehiyon ng Laguna at Morong (ngayo’y Rizal) at sa wakas sa Bulakan. Sa mapagkanlong na mga kuweba ng bundok ng Biak-na-Bato sa pagitan ng Bulacan at Nueva Ecija, si Aguinaldo ay nagtagtag ng isang gobyernong republikano na may institusyon demokratiko.

Ang tigil-labanang militar ay naghatiid sa dalawang panig sa pag-uusap tungo sa kasunduan na pinangungunaan ng ilustradong si Pedro Paterno. Sa ilalim ng Kasunduan ng Biak-na-Bato, si Aguinaldo at ang kaniyang gabinete sa digmaan ay pumayag na itigil ang lahat ng labanan at nagpadesterado kasama ang ilang miyembro ng kaniyang gabinete. Ang mga Kastila ay pumayag na magbayad ng P800,000 para sa mga personal na nawalan dahil sa giyera. Umalis tungong Hong Kong ang mga pinunong rebolusyonaryo noong ika-27 ng Disyembre, 1897. Ngunit hindi nagtagal ang kasunduan. Ang mga rebeldeng lokal ay nagpatuloy sa paglaban sa mga Kastila sa maraming lugar sa Pilipinas.

Sa Hong Kong, si Aguinaldo ay naghanda para sa panibagong pakikidigma. Ang bandila ng nagsasariling Pilipinas ay tinahi ni Marcela Agoncillo sa Hong Kong, samantalang nagsikap mamili ng mga armas ang nagpatapong pinuno, gamit ang tinanggap na kabayaran mula sa mga Kastila. Noong sumiklab ang digmaan sa pagitan ng Estados Unidos at Espanya, sinamantala ni Aguinaldo ang pagkakataon upang makabalik sa Pilipinas. Nagtiwala sa mga Amerikano na bibigyan siya ng tulong. Si Aguinaldo, sakay ng bapor ng Amerikano, ay nagbalik noong 19 Mayo, 1898—pagkaraang palubugin ni Admiral George Dewey ang buque de Guerra ng mga Kastila sa Manila Bay.

Sa panawagan ni Aguinaldo, nagsama-sama muli ang mga puwersang rebolusyonaryo. Hindi nagluwat, ang buong Luzon—maliban sa mga moog ng Kastila sa Cavite ay napasa-kamay ng mga rebelde. Noong 12 Hunyo, 1898, ipinahayag ni Aguinaldo ang kasarinlan ng Pilipinas mula sa bintana ng bahay niya sa ngayon ay Kawit.

Ang Konstitusyon ng Malolos

Sa payo ni Apolinario Mabini, pinalitan ni Aguinaldo ng republikang konstitusyonal ang kaniyang gobyernong militar. Noong 18 ng Setyembre, 1898, ang mga delegadong halal ng Kongresong rebolusyonaryo, at mula sa iba't-ibang lugar ng kapuluan, ay nagtipon sa Simbahan ng Barasoain sa Malolos, Bulacan upang pagtibayin ang Pahayag ng Kasarinlan at upang sumulat ng Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas. Sa gitna ng nagpipistang kasiyahan ng sambayanan, ang unang Republika ay pinasinayaan sa Malolos noong 23 ng Enero, 1899, at si Hen. Emilio Aguinaldo ang inihalal na Pangulo.

Inagaw na Kalayaan

Ang iringan sa pagitan ng mga puwersang Amerikano sa Maynila at ng mga rebolusyonaryong pwersa sa paligid ng Maynila ay naging karahasan sa tulay ng San Juan noong 4 ng Pebrero, 1899. Ang mga putok ng isang sentring Amerikano laban sa mga sundalong Pilipino ang naging hudyat ng simula ng Digmaang Pilipino-Amerikano. Dito ipinakita ng mga Amerikano ang kanilang tunay na layunin—sakupin ang Pilipinas at palitan ang mga Kastila bilang panginoong kolonyal. Sa Kasunduan ng Paris na nilagdaan noong Disyembre 1898 ipinagkaloob ng Espanya ang Pilipinas sa Estados Unidos kapalit ng halagang \$ 20 milyong dolyares.

Kahit may iilang tumanggi, ang nangibabaw sa Kongreso ng Maolos ay ang mga ilustradong sang-ayon sa autonomiya sa ilalim ng protesksyon ng Estados Unidos; samantalang ang mga heneral at ang kanilang mga sundalo ay tumangging isuko ang kanilang pinaghirapang kalayaan. Ngunit ang Estado Unidos, habol ang kaniyang patakaran “manifest destiny,” ay mapilit sa pangingibabaw ng soberanyang Amerikano sa Pilipinas bilang kaniyang tulay sa mayamang negosyo sa Tsina. Ang bunga ay isang madugo at matagalang pakikibaka na ang talunan ay mga pwersang Pilipinong kulang sa gamit at walang kasanayan.

Si Aguinaldo ay nabitag ng panlilinlang ng Amerikano noong 23 ng Marso, 1901; ngunit nagpatuloy ang iba sa pakikibaka hanggang sa kahuli-hulihang heneral ng Republika, si Macario Sakay, pinatibay na isang bandido ng pamunuang Amerikano noong 1907. Nagtugot ng isang walang humpay na patakaran ng “pacification”—pagpapayapa—ipinatapon ang mga makabansa—tulad ng paralitikong Mabini at Hen. Antonio “Vibora” Ricarte—na tumangging manumpa ng katapatan sa bandilang Amerikano.

Kabanalan at Kasarinlan

Ang mga pagtutol na nagsimula sa kontrobersyang pangrelihiyon, tulad ng kilusang secular, ay katumbas ng mga hinaing na politikal, panlipunan at pangkabuhayan laban sa mga Kastila. Ang taglay ng napakalalim na sama ng loob laban sa mga prayle ay makikita sa Konstitusyong Malulos: Nagtakda ng paghihiwalay ng simbahan at estado sa Pilipinas. Naharap sa isang pagsubok ang mga paring Pilipino, katapatan at pagsunod sa kanilang mga obispong Kastila o katapatan sa knailang mga kaanak sa dugo na gayon ay nasasangkot sa matinding labanan ng Rebolusyon. May mga nagpasyang ang Simbahang kumakatawan sa Espanya ay katunggal ng mga adhikhaing pulitika ng mga Pilipino. Sila Padre Gregorio Aglipay at ang ilustradong si Isabelo de los Reyes—kapwa mula sa Ilocos Norte—ay nagsimulang bumalangkas ng mga batayang pangrelihiyon, liturhikal, at pilosopikal para sa isang nagsasariling simbahang Pilipino.

Ang mga tanong ay nakatuon sa mga bagay na administratibo sa loob ng Simbahan, kung ang mga Kastila at ibang Europeo ay dapat magkaroon ng higit na karapatang humawak ng mga parokya kaysa mga paring Pilipino. Kanino at sa anong mga pagkakataon maaaring mabigyan ang mga paring katutubo ng responsableng tungkulin sa Simbahan? Ang debate ay nasentro din sa tanong tungkol sa moral at intelektwal na kakayahang ng mga paring indiyo, at kung gayon, sa liping Malayao, at iba pang hindi Europeo. Ang mga konserbatibong Kastilang klerigo ay pinagbintangang nagpapairal ng sistemang edukasyonal na nagpapalawak ng ignoransa, ng mga pamahiin, ng pauring na pagsusuring maselan at intelektwal. Pumasok sa mga debate ang panukala na sa harap ng Diyos ang lahat ng tao ay pantay-pantay, at sa kabuuuan, ang pagka-katoliko ng Kristyanong simbahang sa pamamahala sa iba’t-ibang lahi sa daigdig.

Samantala, ang gobyernong Malolos, ay nag-atas sa mga Pilipinong nanimirahan sa Espanya na makipag-usap sa Papal Nuncio noong 1901, upang payagang mabasbasan bilang mga Obispo at Arsobispo ang mga paring Pilipino. Ayon sa ulat, ang naging tugon ng Nuncio ay pagtawa sa mga karapatan ng mga katutubo. Higit pa raw nanaisin ng Santo Papa, nang umabot sa Maynila, ay tatanggapin ang mga sigaw ng “Nagsasariling simbahang para sa nagsasariling Pilipinas.”

Noong 3 de Agosto, ipinahayag ni Isabelo de los Reyes ang pagtagtag ng Iglesia Independiente Pilipinas sa harap ng pagpupulong ng masang manggawa sa Maynila. Si Gregorio Aglipay ay opisyal na hinirang na Obispo Maximo noong 17 Oktubre 1902.

Ang Pananakop ng mga Amerikano

Ang pananakop ng Amerikano ay nagsimula sa gobernong militar na pinamumunuan ng isang gobernador militar. Ang gobyernong ito ang inatasang magtagtag ng mga gobyernong lokal sa mga lugar na hawak ng mga Amerikano. Ang unang eleksyon munisipal sa ilalim ng batas Amerikano ay ginawa sa iba't-ibang bayan sa buong 1899. Muli ring itinatag ng gobyernong militar ang Mataas na Hukuman noong Mayo 1899, at humirang ng anim na mga Pilipinong mahistrado—kasama ang Punong Mahistrado—at tatlong Amerikano. Ang pagkakatataug ng gobyernong lokal at ng isang Mataas na Hukuman ang naging saligan ng gobyernong sibil ng Amerikano.

Tinapos ang gawain ng ikalawang Philippine Commission, na pinamomunuan ni William Howard Taft, na nagkaloob din sa mga Pilipino ng kamilang pangunahing karapatang sibil—malayang pamamahayag at dyaryo, kalayaan sa pagtitipon, kalayaan sa paniniwala, kalayaan sa pang-aalipin at kalayaan sa paglabag sa batas na panghihimasok at panghuhuli.

Ang Taft Commission ay nagpatuloy din sa paglilipat ng administrasyong sibil sa kamay ng mga Pilipino—partikular sa lokal na antas. Noong Setyembre 1901, dalawang Pilipino ang hinirang sa Philippine Commission na naganap ng pinaka-lehislatura. Ngunit sa patuloy na pagtutol ng mga Pilipino sa pamahalaang Amerikano, napilitan ang rehimeng bawiin ang mga pangunahing karapatan. Halimbawa, ang Batas Kontra Sedisyon na ipinasa noong Nobyembre 1901 ay nagpataw ng mabibigat na multa, mahahabang pagkabilanggo gayundin ang hatol na kamatayan sa mga nagtaguyod ng kasarinlan—nakasulat, nilimbag o sinalita. Ang Batas sa Bandila ay ang bawal ng pagtatanghal ng bandilang Pilipino. Ipinagbawal ang mga partidong politikal. Ang mga pahayagang tumatangkilik sa kasarinlan ay ipinasara bagama't ang ilang dyaryong bernakular ay matapang na nagpatuloy dahil hindi naman maintindihan ng sinumang Amerikano.

Sa panahon ng pananakop ng Amerikano, ang mga teatrong Pilipino ay naging arena ng pagtutol sa pamamahalang kolonyal. Ang panonood ng teatro ay naging uso sa ilalim ng bagong rehimen. Sa panahong ito ng Amerikano, ang pagkatakam ng mga Pilipino sa mga kwentong bungang-isip lamang ay tinugon ng mga dramaturgong makabayani na naghandog ng patriotikong aliwan sa mga Pilipinong manonood, na ang mga mensahe ay patuloy na pakikibaka laban sa mga bagong mananakop.

Ang zarzuela, isang uri ng teatrong musical na mana sa panahon ng Kastila, ay nagharap ng mga pagkakataon sa pagtatanghal ng mga panlipunang isyu sa paraang nakaaliw. Ang manunulat na si Severino Reyes ang gumamit nito sa Walang Sugat, isang kwento ng pag-iibigan sa panahon ng Rebolusyon ng 1896. Noong ang kolonyal na administrasyong Amerikano ay nag-atas ng pagdiriwang ng nakakasirang-puring pagunita sa araw ng pagsasakop, naging malakas ang pagtagasti. Noong 1930, inilathala ni Amado V. Hernandez ang kanyang tulang Kung Tuyo na ng Luha Mo, Aking Bayan. Sa tulang ito kanyang binatikos ang pambubusabos ng Estados Unidos sa Pilipinas.

Ang pinakamalaking pagbabago sa buhay sa Pilipinas na bunga ng pananakop ng Amerikano ay nasa larangan ng edukasyon. Noong 1901, ibinaba ng Philippine Commission ang Act No. 74 na muling nagtagtag ng sistema ng edukasyong publiko na pinairal na noong panahong kolonyal ng Kastila, ngunit ngayon sa ilalim ng pamamahala ng Estados Unidos. Nagtadhana ang batas ng sistemang edukasyong walang bayad at isang paaralang normal sa Maynila para sa pagsasanay ng mga gurong Pilipino—mga hakbanging pinairal na noong 1860 ng mga Kastila, ngunit kaiba ang pagpapatupad. Ingles ang ginamit na wika sa pagtuturo, sa simpleng dahilan na wala sa mga bagong guro ang may alam ng alin mang lokal na wika. Sa panahon ng mga Kastila, sa kabilang isang dekretong royal na nag-uutos ng pagtuturo ng wikang Kastila sa mga katutubo, ang mga prayle na siyang nagpapatakbo ng sistemang edukasyonal ay tumangging tumupad. Ang edukasyon ay naging sekular din at ang pagtuturo ng relihiyon sa mga iskwelang publiko ay ipinagbawal din ng Philippine Commission Act No. 74.

Noong Agosto 1901, may 600 gurong Amerikano ang lumungsad sa Maynila sakay ng transporteng Thomas. Sila ang mga binansagang “Thomasites.” Ikinalat sila sa iba’t ibang panig ng kapuluan. Sila ang nagdala ng bagong wika at bagong kultura. Sa pagitan ng 1899-1900 may higit na 100,000 batang iskwela sa mga paaralang primarya.

Kalinawagan Tungo sa Kalayaan

Ang paghahanap ng kalayaan ay hindi nasupil ng pamamahalang Amerikano at ngayo’y lumundo ito sa mapayapang politika at hindi na sa rebolusyon at gyera. Sa ilalim ng pamamahalang Amerikano, ang bayan ay nagbabago dahil sa maraming inobasyon sa gobyerno, edukasyon, sanitasyon, at oras publikas. Samantalang ang pagmamalaki sa mga bagay na Pilipino ay lalong sumidhi habang ang bansa ay umuunlad.

Ang Batas Jones ng 1916 ay nagpabilis sa Pilipinisasyon ng gobyerno. Ang Philippine Commission ay pinalitan ng halal na Senado at ng Philippine Assembly ng isang Mababang Kapulungan. Ito'y pinasinayaan noong Oktubre 1907. Binigyan nito ang mga Pilipino ng lalong malaking papel na gagampanan sa paggawa ng mga batas para sa mga Pilipino bagama’t ang Mataas na Kapulungan ay hawak pa rin ng Philippine Commission. Doon ang lalong nakararami ay mga Amerikano.

Ang Batas Tydings-McDuffie na nilakad ni Manuel L. Quezon ay nanawagan ng eleksyon para sa isang kumbensiyon konstitusiyonal sa 1934. Ang Kumbensiyon ito ang nag-aaral ng mga prubisyong sa dayuhan, ngunit maaaring huwarin kaya’t isinulat sa Konstitusyon. Itinakda ang isang malakas na Panguluhan at ang unikameral na Pambansang Asamblea.

Noong mag-ratipika ng Konstitusyon sa isang plebisito noong 1935, isang gobyernong Mankumunidad (Commonwealth) ang nabuo. Ang halalang ginanap noong Setyembre ang naglukllok kay Quezon bilang Pangulo at kay Sergio Osmeña bilang pangalawang pangulo. Ang Commonwealth ay pinasinayaan noong 15 ng Nobyembre, 1935.

Dagok sa Kalayaan: Ang Pananakop ng Hapon

Samantalang nagsisikap ang gobyernong Commonwealth sa pagpapaunlad ng ekonomiya at pagpapatayo ng mga depensa ng bayan, isang gyerang hindi muna idineklara ang sumiklab sa pagitan ng Hapon at Tsina ay nabalita sa mga dyaryo sa Pilipinas. Ang malaking impluwensya ng Hapon ay makikita sa Pilipinas. Ang Hapon ang pangalawang kanegosyo ng Pilipinas. Ito'y mayroong malaking populasyong migrante, lalo na sa Davao sa Mindanao.

Ang Hukbong Pilipino ay isinanib ng Sandatahang Pwersa ng Estados Unidos sa Malayong Silangan (USAFFE) na ang narmumuno ay si Hen. Douglas MacArthur. Sumiklab ang digmaan noong ika-8 ng Disyembre, 1941. Kaagad winasak ng mga bombang Hapones ang (USAFFE) Air Force sa Clark Field at ang base nito sa Cavite. Pakupas na ang kawalang-malay ng “peace-time,” ang bulaklak ng pagkalalaking Pilipino ay nangamatay sa Bataan.

Mula sa Corregidor si Pangulong Quezon ay namatnugot sa mga opisyal ng Gabinete na naiwan upang makipag-usap sa mga Hapon—ngunit para lamang maibsan ang paghihirap ng mga sibilyang Pilipino. Pinasok ng mga Hapones ang Maynila na walang nagtatanggol dahil ito ay idineklarang “Open City,” noong araw ng Bagong Taon ng 1942.

Ang mga bagong panginoong kolonyal ay nagsiklab na isanib ang ekonomiya sa Pilipinas sa isang kontra-kanluraning “Greater East Asia Co-Prosperity Sphere.” Isang bagong Republika, pinasinayaan noong 14 ng Oktubre, 1943, na ang pangulo ay si Jose P. Laurel, ang ginawaran ng huwad na kasarinlan. Isang kasunduang ipinilit dito—ang pagpayag sa patuloy na pamamalagi ng Hukbong Hapones—bukod sa paglilinang sa mga likas na yamang mineral upang magamit sa gyera ng mga Hapones.

Nagsikap ang gobyernong Laurel na mapanumbalik ang kapayapaan at kaayusan, na mabuo ang nawasak na ekonomiya at “magtanim para mabuhay.” Sa buong kapuluan nagpatuloy ang mga pwersang gerilya sa pananambang sa mga Hapones at sa pangangalap ng “intelligence” para sa Allies.

Ang digmaan ay nagwakas noong ika-15 ng Agosto, 1945. Ang Maynila noon ay isa nang lungsod na wasak na wasak—ang katimugan nito'y ipinalamon sa apoy ng mga panatikong Hapones sa kanilang huling pagtatangol.

Panahon na: Ang Republika ng Pilipinas

Noong ika-4 ng Hulyo, 1946, ibinalik sa Pilipinas ang kasarinlan, ngunit sa kanyang sambayanan marami ang nilagas ng digmaan. Ang punong lungsod ay nagkaguhit at ang mga bukid at industriya ay salantang-salanta.

Ang Kalayaan ay tila lamang nagpapalala sa kabiguang pangkabuhayan, sa rebelyong agraryo, at sa mga katiwalian sa panunung-kulang-bayan.

Kahit na ang Batas Militar na idineklara noong 1972 ay nabigo upang masupil ang krisis politikal na laganap. Ang pagkaka-paslang kay Benigno Aquino ang nagsindi ng mapayapang EDSA Revolution noong Pebrero 1986 na naging inspirasyon sa mga sambayanan sa buong daigdig na manindigan para sa kanilang mga kalayaan. Sa panahong 1992-98, ang Pangulong Fidel V. Ramos ay nagpatupad ng programa ng reforma na nagdala ng kakayahang sa mga Pilipino upang maipa-diwang ang Sentensyal ng Kasarinlan ng kanilang Republika nang may panibagong sibol ng pag-asa sa kanilang kinabukasan.

Ang pag-asang ito ang taglay ng bagong pamahalaang inihalal noong nakaraang pambansang halalan ng Mayo, sa pangunguna ng Pangulong Joseph Ejercito Estrada na nag-atas sa pagpapatuloy ng Sentensyal hanggang taong 2000.



NATIONAL COMMISSION FOR CULTURE AND THE ARTS
633 General Luna Street, Intramuros 1002 Manila
Tel. 527-2192 to 98 • Fax 527-2191 & 94
e-mail: info@ncca.gov.ph • website: www.ncca.gov.ph